Dufferin-Peel Catholic District School Board

Mga Patakaran at Pamamalakad Para sa Araling-Pambahay Kindergarten hanggang Grado 12

Mga Bagong Patakaran at Pamamalakad Para sa Araling-Pambahay

Noong Nobyembre 2008, ang Sangguniang Pampaaralan ng Katoliko sa Distrito ng Dufferin-Peel o Dufferin-Peel Catholic District School Board ay nagpatibay ng isang makabagong mga patakaran at pamamalakad sa pangkalahatan ng sanggunian para sa Kindergarten hanggang Grado 12 na isasakatuparan sa Setyembre 2009. Ang pagsasagawa ng mga patakaran at pamamalakad ay sa pamamagitan ng perspektibo ng Katoliko na siyang nagpapakilala sa panahong pampamilya at nagpapahalaga sa pakikiisa ng paaralan, ng pamilya at ng parokya. Bilang isang komunidad, kinikilala namin na kung higit ang pakikiisa ng bawa't isa, higit din ang epektibong matuto ng husto ang ating mga mag-aaral semi-colon at ang mapaunlad pa ang kanilang kaloob na angking mga kakaibang talento at mga pambihirang talino.

Pakahulugan ng Araling-Pambahay

Ipinakakahulugan ng patakaan at pamamalakad ang araling-pambahay bilang *isang gawaing matututuhan na siyang kaloob ng isang guro, upang kumpletuhin sa labas ng silid-aralan, na sumusuporta at nagpapalawak pa sa pag-aaral at pagpapaunlad ng isang mag-aaral.*

Mga Katangian ng Epektibong Araling-Pambahay

Hindi kailangan ng patakaran at pamamalakad ang pagbibigay ng araling-pambahay sa araw-araw. Kung ipinagkaloob ang araling-pambahay, gayun paman, ito ay sadyang kaugnay sa pinag-aaralan ng mag-aaral sa kanilang silid-aralan at mayroong mga sumusunod na katangian:

- ito ay makahulugan at may kaugnayan;
- ito ay buong layuning plano upang maiwasan ang kalabisan ng aralin para sa mga mag-aaral;
- ito ay ipinaglinaw ng guro at naiintindihan ng mga mag-aral;
- ito ay kaibang isinasagawa, at naaangkop, upang matugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral sa pag-aaral;
- ito ay nirepaso sa napapanahong pamamaraan.

Ang mga paksang araling -pambahay ay hindi lamang para sa mga gawaing may lapis at papel. Maaring kabilang dito ang mga paksang katulad ng pagsasanay, pag-oobserba, pakikipanayam, at pag-aaral, halimbawa.

Mga Uri ng Pangkaraniwang Ipinagkaloob na Araling-Pambahay

Ang talahanayan sa ibaba ay mga patakaran at pamamalakad para sa araling-pambahay na inilunsad ng Dufferin-Peel. Isinasalarawan dito ang mga apat na uri ng araling-pambahay na ipinagkaloob at kani-kanilang mga inaasahang kahihinatnan.

URI	KAHULUGAN	INAASAHANG KAHIHINATNAN
Kinumpletong Araling-Pambahay	Ang anumang ipinagkaloob na aralin na siyang iniatas at nagsimula sa silid-aralan at kinumpleto sa tahanan	Tumutulong sa mga mag-aaral upang higit na matutuhan at maintindihan ang pamamaraan ng kasalukuyang programa.
Pagsasanay na Araling-Pambahay	Ang anumang aralin na nagrerepaso at nagpapatibay ng mga kaalaman at mga konseptong pinag-aralan mula sa silid-aralan	Tumutulong sa mga mag-aaral na paunlarin ang mga bagong natutuhang kaalaman at pagsamahin ang bagong mga konsepto
Paghahanda na Araling-Pambahay	Ang anumang aralin na naghahanda sa mga mag-aaral para sa mga bagong pag-aaralan o para sa mga susunod na pagbubuo ng mga pagtataya/ pagtatasa	Hinihiling sa mga mag-aaral na bumuo ng mga impormasyon o artepakto bilang paghahanda para sa pag-aaralan o hinihiling sa mga mag-aaral ang paghahanda para sa mga pagsusulit, mga presentasyon at mga pagsasagawa, atbp.
Mga Ektensyon/Mga Proyekto/Higit na Mahalagang Mga Gawain	Anumang aralin na nagsisiyasat sa pag-aaral sa makabagong kahulugan o nagsasama-sama/ nagpapalawak sa araling pangsilid-aralan	Naghihikayat sa mga mag-aaral upang matutong magresolba ng mga problema, makapag-isip ng paglilikha at makapag-isip ng masinsinan

Mga Tiyakang Pamamalakad

Ang talahanayan sa ibaba ay mga patakaran at pamamalakad para sa araling-pambahay na inilunsad ng Dufferin-Peel. Isinasaad dito ang mga tiyakang inaasahan sa bawa't mga dibisyon na kaugnay sa uri at bilang ng araling-pambahay.

Kindergarten: *Tinutukoy ng mga nananaliksik ang isang matibay na koneksyon sa pagitan ng pakikisali ng pamilya at ang mga natatamo ng mag-aaral.*	
Ang mga natututuhan sa labas ng silid-aralan ng Kindergarten ay kinasasangkutan ng pakikipaglaro, pakikipag-usap, pakikinig, panonood at pagbabasa ng magkasama sa Ingles o sa sariling wika ng pamilya. *Maaaring magkaloob ang guro ng mga suhestiyon at mga kagamitan para sa mga gawaing opsiyonal sa labas ng silid-aralan (hal., Snuggle Up na aklat, atbp.). Ang iba pang mga karagdagang suhestiyon ay makukuha sa http://www.gov.on.ca/children.	Ang araling-pambahay ay **hindi*** dapat ipagkakaloob sa mga mag-aaral ng kindergarten.
Primarya (Mga Grado 1-3): *Tinutukoy ng mga nananaliksik ang isang matibay na koneksyon sa pagitan ng mga natatamo ng mag-aaral at ang pagbabasa sa o kasama ng mga mag-aaral mula sa primaryang mga grado sa Ingles o sa sariling wika ng pamilya.*	
Ang araling-pambahay sa mga higit na mababang grado ay nararapat lamang na kasangkutan ng mga pagbabasa, paglalaro, pakikipagtalakayan, pakikinig, panonood at mga gawaing nagtutulungan katulad ng paglilikha at pagluluto kasama ng pamilya. Ang iba pang mga karagdagang suhestiyon ay makukuha sa http://www.gov.on.ca/children. Sa mataas na primaryang mga grado, ang araling-pambahay ay nararapat lamang na magsimula sa mga gawaing pang-indipendiyente o pansarili.	Ang pang-araw-araw na araling-pambahay ay nararapat lamang na limitado ang lahat-lahat sa **humigit-kumulang na 20 minuto sa pangkaraniwan**.
Nakababata (Mga Grado 4-6): *Tinutukoy ng mga nananaliksik na ang araling-pambahay ay nagbibigay benepisyo sa mga mag-aaral ng mga nakababatang grado, lalo na sa mga inaasal ng mag-aaral sa paaralan at sa kanilang pag-aaral.*	
Ang araling-pambahay sa mga nakababatang grado, ay maaaring sa pamamagitan ng mga gawaing pang-indipendiyente.	Ang pang-araw-araw na araling-pambahay ay nararapat lamang na limitado ang lahat-lahat sa **humigit-kumulang na 40 minuto sa pangkaraniwan**.
Pangkalagitnaan (Mga Grado 7 & 8): *Tinutukoy ng mga nananaliksik na ang araling-pambahay para sa mga mag-aaral ng pangkalagitnaang mga grado ay makatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang matatamo.*	
Ang araling-pambahay ay nararapat lamang na buong layuning plano upang maiwasan ang kalabisan ng mga aralin.	Ang pang-araw-araw na araling-pambahay para sa lahat ng mga asignatura ay nararapat lamang na limitado ang lahat-lahat sa **humigit-kumulang na 40 minuto sa pangkaraniwan**.
Pangkalagitnaang Segundaryo (Mga Grado 9 & 10): *Kung tinutukoy ng mga nananaliksik na kabilang sa mga benepisyong kasangkot sa araling-pambahay ay sadyang pambihira para sa segundaryong mga grado, sinusuhestiyon din ng mga ebidensya na pangkaraniwang kaakibat ang pagkabahala at tensyon ng mga mag-aaral mula sa grupong ito ang anumang bagay na araling-pambahay.*	
Ang araling-pambahay ay nararapat lamang na buong layuning plano upang maiwasan ang kalabisan ng mga aralin.	Ang mga araling-pambahay sa bawa't araw at sa bawa't kurso ay nararapat lamang na limitado sa **humigit-kumulang na 20 minuto sa pangkaraniwan**.
Pinakamataas na Segundaryo (Mga Grado 11 & 12): *Kung tinutukoy ng mga nananaliksik kabilang sa mga benepisyong kasangkot sa araling-pambahay ay sadyang pambihira para sa pinakamataas na mga grado, sinusuhestiyon din ng mga ebidensya na pangkaraniwang kaakibat ang pagkabahala at tensyon ng mga mag-aaral mula sa grupong ito ang anumang bagay na araling-pambahay.*	
Ang araling-pambahay ay nararapat lamang na buong layuing plano upang maiwasan ang kalabisan ng mga aralin.	Ang mga araling-pambahay sa bawa't araw at sa bawa't kurso ay nararapat lamang na limitado sa **humigit-kumulang na 30 minuto sa pangkaraniwan**.

Ang Pagsusuporta sa Iyong Anak sa Kaniyang Araling-Pambahay

Ang sumusunod na mga tip ay maaaring makatulong sa mga pamilya para sa kanilang pagsuporta sa mga araling-pambahay ng kanilang mga anak.

1. Magtalaga araw-araw ng isang tiyakang oras para sa iyong anak pagkatapos ng kaniyang buong araw sa pag-aaral upang maisagawa ang kaniyang araling-pambahay.
2. Maging handa sa pagtulong sa iyong anak at hindi ang akuin ang kaniyang mga gawanin.
3. Ipakita ang iyong interes sa pag-aaral ng iyong anak sa pamamagitan ng pakikipag-usap tungkol sa kaniyang buong araw ng pag-aaral.
4. Basahan o Magkasamang magbasa kayo ng iyong anak ng mga iba't-ibang materyal.
5. Ipakita ang karunungan sa pagbasa at pagsulat at ang pagkakalkula at pagbibilang sa iyong pang-araw-araw na gawain, halimbawa, sa pagbabasa ng pahayagan, paglilista ng groserya at pagkakalkula ng halaga.
6. Magkaloob ng mga gawaing pang-kamay para sa iyong mga nakababatang anak katulad ng paghahanda ng pagkain, paggagawa ng mga sining at iba pang kagalingan, at ang paglalaro ng letra at maging ang mga larong salitaan.
7. Limitahan ang telebisyon at iba pang "panahon pang-teknolohiya", lalo na kung ang iyong anak ay nahihirapang kumpletuhin ang anumang mga araling-pambahay.
8. Sumangguni sa guro ng iyong anak kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa araling-pambahay ng iyong anak.

Karagdagang Suporta

www.dpcdsb.org/homework nagkakaloob ng kopya ng mga pamamalakad sa araling-pambahay at mga iba pang mapagkukunang suporta

http://www.mississauga.ca/portal/residents/homeworklinks nagkakaloob ng mga bagay na sumusuporta sa araling-pambahay

www.caledon.library.on.ca nagkakaloob ng mga bagay na sumusuporta sa araling-pambahay

www.orangeville.library.on.ca nagkakaloob ng mga bagay na sumusuporta sa araling-pambahay

www.ilc.org nagkakaloob ng tulong sa araling-pambahay sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa internet sa isang sertipikadong guro